
Nirepaso noong: Nobyembre 4, 2025

# Mga Gamot para sa Heart Failure with Reduced Ejection Fraction (EF)
# Medications for Heart Failure with Reduced Ejection Fraction (EF)

## Ano ba ang pinakamabisang treatment para sa heart failure with reduced EF?

- Ang uminom ng mga tamang gamot sa lalong madaling panahon pagkatapos ng iyong diyagnosis ay makakatulong sa iyo na mabuhay nang mas matagal, bumuti ang pakiramdam, makagawa ng mas maraming bagay, at iwasan ang maospital.
- Ang pinakamabisang treatment ay isang set ng apat na mga gamot na magkasamang gumagana:



**ACE-inhibitor/ARB/ARNI**
hal., ramipril, perindopril, candesartan, sacubitril/valsartan (Entresto®)

**Beta Blocker**
hal., bisoprolol, carvedilol, metoprolol

**MRA**
hal., spironolactone, eplerenone

**SGLT2 Inhibitor**
hal., dapagliflozin, empagliflozin (Jardiance®)

- Ang mga gamot na ito ay gumagana nang magkakasama para bagalan ang iyong heart rate (bilis ng tibok ng puso), irelax ang mga daluyan ng dugo para mabawasan ang stress sa iyong puso, at maiwasan ang paninigas o scarring (pagpilat) ng heart tissue (himaymay ng puso). Makakatulong din silang pahusayin ang pagbomba ng iyong puso, pabutihin ang iyong EF, at protektahan ang iyong mga kidney (bato).
- Ang ilang mga táong may ganitong kondisyon ay umiinom din ng diuretic o “water pill.”

## Ano ba ang dapat mong asahan kapag sinimulan mong inumin ang mga gamot na ito?

- Magsisimula ka sa mga mababang dosis. Itataas ng iyong health care provider ang iyong mga gamot batay sa iyong mga sintomas ng heart failure symptoms, anumang side effects (masasamang epekto) ng gamot, at ng iyong mga resulta ng pagsusuri sa dugo.
- Maaaring may mapansin kang pagbubuti sa iyong mga sintomas ng heart failure mga isang buwan pagkatapos mo inumin ang mga gamot na ito.
- Karaniwang inaabot nang mga tatlong buwan para makuha ang tamang dosis para sa iyo. Ang mga gamot na ito ay kailangang inumin ng karamihan ng mga tao habang buhay, kahit na bumuti na ang kanilang EF.
- Bihira ang mga malulubhang side effects. Ang ilang mga tao ay nakakaramdam ng mga banayad na side effects tulad ng karamdamang magaan ang ulo, pagkahilo, at/o kaunting enerhiya pagkatapos palitan ang dosis.

## Paano mo ba makukuha ang pinakamalaking benepisyo mula sa mga gamot na ito?

- **Pagsikapang magpasuri ng dugo nang napapanahon.** Mangangailangan ka ng mga karagdagang pagsusuri ng dugo sa unang tatlo hanggang anim na buwan matapos inumin ang mga gamot na ito upang tulungan ang iyong health care provider na i-adjust ang iyong dosis sa mga tamang antas para sa iyo.
- **Alamin ang Heart Failure Zones** (www.cardiacbc.ca/hf). Magagamit mo ang Zones na ito upang tulungan kang subaybayan ang iyong mga sintomas nang malaman mo kung kailan hihingi ng tulong.
- **Huwag mong sariling itigil o palitan ang mga dosis ng iyong gamot.** Kung sa palagay mo'y mayroon kang side effects, kausapin muna ang iyong health care provider o parmasyotiko.
- **Subukan ang ilang tools para matulungan kang inumin ang iyong mga pildora sa parehong oras bawat araw.** Ang ilang mga tao ay gumagamit ng pill organizer, blister packs, o nagtatakda ng mga reminder sa kanilang phone o watch. Mailalagay ng karamihan ng mga botika ang iyong gamot sa isang blister pack.
- **Sabihin sa iyong health care provider kung anu-ano ang lahat ng mga tradisyunal na gamot, natural na gamot, o mga produktong hindi nangangailangan ng reseta na iniinom mo.** Matutulungan ito ng iyong health care provider na makipagtulungan sa iyo para masigurado na ang lahat ng iyong mga treatment ay magkakasamang gumagana nang maigi para maiwasan mo ang mga masasamang side effects.
- **Magtago ng up-to-date na listahan ng iyong mga gamot sa iyong wallet o phone**. Matutulungan ka nitong mabilis na mapanatiling up-to-date ang iyong health care providers, lalo na kung ikaw ay nagbibiyahe o may emergency.

## Paano ba ako makakakuha ng tulong para sa mga gastos sa gamot?

- Tinutulungan ng **Fair PharmaCare** ang residents ng BC sa gastos sa mga de-resetang gamot, batay sa kanilang kinikita. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: gov.bc.ca/gov/content/health/health-drug-coverage o kaya'y tumawag sa 1-800-663-7100
- Sinasakop ng **PharmaCare Plan W** ang mga de-resetang gamot para sa mga First Nations sa BC. Para sa karagdagang impormasyon, bistahin ang fnha.ca/benefits/pharmacy o kaya'y tawagan ang 1-855-550-5454

## Paano mo ba makokontak ang isang parmasyotiko pagkatapos ng mga oras ng trabaho?

Ang mga parmasyotiko ng HealthLink BC ay makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga gamot, kung paano sila gumagana, at kung ano ang side effects. Sila'y available kapag maaaring sarado ang botika sa iyong komunidad. Tumawag sa 8-1-1 para makipag-usap sa isang parmasyotiko mula 5pm-9am, 7 araw bawat linggo.

## Saan ba ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Panoorin ang educational video series: Healthy Living with Heart Failure sa www.cardiacbc.ca/hf

I-scan para panoorin ang mga video.

*Ang dokumentong ito ay dinibelop nang may kolaborasyon mula sa HeartLife Foundation.*

Cardiac Services BC
Provincial Health Services Authority